

Matatagpuan ang teksto ng panukalang ito sa pahina 127 at sa website ng Kalihim ng Estado sa voterguide.sos.ca.gov.

- Pinapayagan ang mga kasong felony para sa pagmamay-ari ng mga partikular na droga at para sa mga pagnanakaw ng mas mababa sa \$950—na parehong kasalukuyang nakakasuhan lang bilang mga misdemeanor—na may dalawang naunang hatol sa droga o dalawang naunang hatol sa pagnanakaw, kung naaangkop. Ang mga nasasakdal na aaming nagkasala ng felony sa pag-aari ng droga at makakakumpleto ng paggagamot ay maaaring mapawalang-saysay ang mga kaso.
- Pinapalawig ang mga sentensya para sa iba pang tinukoy na krimen sa droga at pagnanakaw.
- Ang pagpapalawig ng mga sentensya sa bilangguan ay maaaring makabawas sa mga matitipid na kasalukuyang nagpopondo sa mga programang pangkalusugan ng isip at sa paggagamot ng pagdodroga, mga paaralang K–12, at mga biktima ng krimen; anumang natitirang matitipid ay maaaring gamitin para sa bagong programa ng paggagamot sa may felony.

BUOD NG TANTIYA NG PAMBATASANG MANUNURI SA NETONG EPEKTO SA PANANALAPI NG ESTADO AT LOKAL NA PAMAHALAAN:

- Mas malalaking gastos sa pang-estadong hustisyang kriminal, malamang na mula sa ilang sampu-sampung milyong dolyar hanggang sa mababang daan-daang milyong dolyar taon-taon, pangunahin dahil sa pagtaas ng populasyon ng bilangguan.
- Mas malalaking gastos sa lokal na hustisyang kriminal, malamang sa sampu-sampung milyong dolyar taon-taon, pangunahin dahil sa kulungan ng county, pangangasiwa ng komunidad, at bigat ng trabaho sa kalusugan ng isip at paggagamot sa pagdodroga na ipinag-uutos ng hukuman.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

PINAGMULAN

ANG PARUSA AY DEPENDE SA PAGKASERYOSO NG KRIMEN AT KASAYSAYAN NG KRIMINAL

Parusa para sa mga Felony. Ang felony ay ang pinakaseryosong uri ng krimen. Ang mga tao ay maaaring masentensiyahan sa kulungan ng county o bilangguan ng estado para sa mga felony, depende sa krimen at kanilang kasaysayan ng krimen. Sa ilang kaso, ang mga tao ay maaaring pangangasiwaan sa komunidad ng isang opisyal ng probasyon ng county sa halip na pagsilbihan ang ilan o lahat ng kanilang sentensiya sa kulungan o bilangguan. Ito ay tinatawag na pangangasiwa ng komunidad ng county. Ang haba ng sentensiya ay kadalasang nakadepende sa krimen. Halimbawa, ang pagpatay ay maaaring parusahan ng 15 taon o higit pa sa bilangguan. Sa kabilang banda, ang

pagbebenta ng droga ay maaaring parusahan ng hanggang limang taon sa kulungan o bilangguan, depende sa uri ng droga. Ang mga sentensiya ay maaari ring pahabain dahil sa mga detalye ng krimen. Halimbawa, ang mga sentensiya para sa pagbebenta ng mga partikular na droga (tulad ng fentanyl, heroin, cocaine, o methamphetamine) ay maaaring pahabain batay sa dami ng ibinenta.

Parusa para sa mga Misdemeanor. Ang misdemeanor ay isang hindi gaanong seryosong krimen. Kasama sa mga halimbawa ang pag-atake at pagkakaroon ng droga. Maaaring masentensiyahan ang mga tao sa kulungan ng county, pangangasiwa ng komunidad ng county, at/o multa para sa mga misdemeanor. Ang mga sentensiya ay maaaring hanggang isang taon sa bilangguan.

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

ANG PROPOSISYON 47 AY NAGBABAWAS NG MGA PARUSA PARA SA ILANG PAGNANAKAW AT MGA KRIMEN SA DROGA

Noong 2014, binago ng Proposisyon 47 ang ilang krimen sa pagnanakaw at droga mula sa mga felony patungo sa mga misdemeanor. Halimbawa, ang shoplifting (pagnanakaw ng mga bagay na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa mula sa isang tindahan) at pagdadala ng droga sa pangkalahatan ay naging mga misdemeanor.

MUNGKAHI

Ang Proposisyon 36 ay gumagawa ng ilang mahahalagang pagbabago na may kaugnayan sa mga parusa para sa pagnanakaw at mga krimen sa droga. Una, pinapataas nito ang parusa para sa ilan sa mga krimeng ito. Pangalawa, lumilikha ito ng bagong proseso ng hukuman na nakatuon sa paggamot para sa ilang krimen sa pagtataglay ng droga. Pangatlo, kinakailangan ng mga korte na bigyan ng babala ang mga taong nahatulan sa pagbebenta o pagbibigay ng ilegal na droga sa iba na maaari silang kasuhan ng pagpatay kung patuloy nilang ginagawa ito at may namatay.

PINAPATAAS ANG PARUSA PARA SA ILANG PAGNANAKAW AT MGA KRIMEN SA DROGA

Ang Proposisyon 36 ay nagdaragdag ng parusa para sa ilang krimen sa pagnanakaw at droga sa tatlong paraan:

- **Ginagawang mga Felony ang Ilang Misdemeanor.** Halimbawa, sa kasalukuyan, ang pagnanakaw ng mga bagay na nagkakahalaga ng \$950 o mas mababa ay karaniwang isang misdemeanor. Ginagawa ng Proposisyon 36 ang krimen na ito na isang felony kung ang tao ay may dalawa o higit pang nakalipas na paghatol para sa ilang partikular na krimen sa pagnanakaw (tulad ng shoplifting, pagnanakaw, o carjacking). Ang sentensiya

ay hanggang tatlong taon sa bilangguan ng county o bilangguan ng estado. Inaalis ng mga pagbabagong ito ang ilan sa mga pagbabawas ng parusa sa Proposisyon 47.

- **Pinapahaba ang Ilang Sentensiyang Felony.** Halimbawa, pinahihintulutan ng Proposisyon 36 ang mga sentensiyang felony para sa pagnanakaw o pagkasira ng ari-arian na pahabain nang hanggang tatlong taon kung tatlo o higit pang tao ang magkakasamang gumawa ng krimen.
- **Nag-aatas na ang Ilang Felony ay Pagsilbihan sa Bilangguan.** Halimbawa, gaya ng tinalakay sa itaas, ang mga sentensiya para sa pagbebenta ng ilang partikular na droga (gaya ng fentanyl, heroin, cocaine, o methamphetamine) ay maaaring pahabain batay sa dami ng naibenta. Sa kasalukuyan, ang mga sentensiyang ito ay pinagsisilbihan sa kulungan ng county o bilangguan ng estado depende sa kasaysayan ng krimen ng tao. Ang Proposisyon 36 ay karaniwang nag-aatas na ang mga sentensiyang ito ay pagsilbihan sa bilangguan.

LUMILIKHA NG BAGONG PROSESO NG KORTE PARA SA ILANG KRIMEN NA PAGDADALA NG DROGA

Pinapayagan ng Proposisyon 36 na ang mga taong nagmamay-ari ng mga ilegal na droga ay maakusahan ng “felony na may mandato ng paggamot,” sa halip na isang misdemeanor, sa ilang kaso. Sa partikular, nailalapat ito sa mga taong (1) nagtataglay ng ilang partikular na droga (tulad ng fentanyl, heroin, cocaine, o methamphetamine) at (2) may dalawa o higit pang mga nakaraang paghatol para sa ilang krimen sa droga (tulad ng pagdadala o pagbebenta ng droga). Ang mga taong ito ay karaniwang makakakuha ng paggamot, tulad ng kalusugan ng isip o paggamot sa droga. Ibabasura ang mga kaso ng mga magtatapos ng paggamot. Ang mga hindi nakatapos ng paggamot ay maaaring magsilbi ng hanggang

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

tatlong taon sa bilangguan ng estado. Inaalis ng pagbabagong ito ang ilan sa mga pagbabawas ng parusa sa Proposisyon 47.

NAG-AATAS NG BABALA NG POSIBLENG KASONG PAGPATAY PARA SA PAGBEBENTA O PAGBIBIGAY NG DROGA.

Ang Proposisyon 36 ay nag-aatas sa mga korte na bigyan ng babala ang mga tao na sila ay maaaring kasuhan ng pagpatay kung magbebenta o magbibigay sila ng ilegal na droga na makakapatay ng isang tao. Ang babalang ito ay ibibigay sa mga taong nahatulan sa pagbebenta o pagbibigay ng ilang partikular na gamot (tulad ng fentanyl, heroin, cocaine, at methamphetamine). Ito ay maaaring magpataas ng posibilidad na sila ay mahatulan ng pagpatay kung magbebenta o magbibigay sila ng ilegal na droga sa isang tao na mamamatay.

MGA EPEKTO SA PANANALAPI

Ang Proposisyon 36 ay magkakaroon ng iba't ibang epekto sa pananalapi ng estado at lokal na pamahalaan. Ang laki ng mga epektong ito ay depende sa hindi tiyak na mga salik, tulad ng kung anong mga desisyon ang gagawin ng mga lokal na tagausig.

Nagpapataas ng mga Gastos sa Hustisyang Pangkrimen ng Estado. Ang Proposisyon 36 ay magtataas ng mga gastos sa hustisyang pangkrimen ng estado sa dalawang pangunahing paraan.

- ***Pagtaas ng Populasyon sa Bilangguan ng Estado.*** Ito ay mag-aatas sa ilang tao na kasalukuyang nagsisilbi ng kanilang mga sentensiya sa antas ng county na pagsilbihan ang mga ito sa bilangguan ng estado. Gayundin, pinahahaba nito ang ilang sentensiya sa bilangguan. Sa kabuuan, maaaring tumaas ang populasyon ng bilangguan nang humigit-kumulang ilang libong tao. (Mayroong mga 90,000 tao sa bilangguan ngayon.)

- ***Pagtaas sa Trabaho ng Korte ng Estado.*** Ito ay dahil ang mga felony ay karaniwang tumatagal nang mas maraming oras upang malutas kaysa mga misdemeanor. Gayundin, ang mga felony na may mandato ng paggamot ay magpapataas ng trabaho ng korte.

Sa kabuuan, ang Proposisyon 36 ay **magtataas ng mga gastos sa hustisyang pangkrimen ng estado, malamang na mula sa ilang sampu-sampung milyong dolyar hanggang sa mababang daan-daang milyong dolyar bawat taon (taun-taon).** Ang halagang ito ay mas mababa kaysa kalahati ng 1 porsyento ng kabuuang badyet ng Pangkalahatang Pondo ng estado. (Ang Pangkalahatang Pondo ay ang account na ginagamit ng estado upang bayaran ang karamihan sa mga pampublikong serbisyo, kabilang ang edukasyon, pangangalagang pangkalusugan, at mga bilangguan.)

Nagpapataas ng mga Gastos sa Hustisyang Pangkrimen ng Estado. Ang Proposisyon 36 ay magtataas ng mga gastos sa hustisyang pangkrimen ng estado sa dalawang pangunahing paraan.

- ***Netong Pagtaas sa Populasyon ng Kulungan ng County at Pangangasiwa ng Komunidad.*** Sa ilang paraan, mababawasan ng Proposisyon 36 ang populasyon ng bilangguan at pangangasiwa ng komunidad. Ito ay dahil ang ilang tao ay pupunta sa bilangguan ng estado sa halip na sa antas ng county. Sa ibang paraan, madaragdagan ang populasyon na ito. Ito ay dahil ang ilang tao ay gugugol ng mas maraming oras sa kulungan ng county o sa pangangasiwa ng komunidad. Sa pangkalahatan, malamang na mapataas ng Proposisyon 36 ang populasyon ng county. Ang pagtaas na ito ay maaaring humigit-kumulang ilang libong tao. (Mayroong mga 250,000 katao sa antas ng county ngayon.)

PAGSUSURI NG PAMBATASANG MANUNURI

IPINAGPAPATULUY

- **Pagtaas sa Trabaho na Kaugnay ng Lokal na Korte.** Ito rin ay magpapataas ng trabaho para sa mga lokal na tagausig at pampublikong tagapagtanggol. Ito ay dahil ang mga felony ay karaniwang tumatagal nang mas maraming oras upang malutas kaysa mga misdemeanor. Gayundin, ang mga krimen na may mandato ng paggamot ay lilikha ng trabaho para sa ilang ahensya ng county (tulad ng mga kagawaran ng probasyon o kalusugan ng asal).

Sa kabuuan, ang Proposisyon 36 ay **magpapataas ng mga lokal na gastos sa hustisyang pangkrimen, na malamang ay aabot sa sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.**

Binabawasan ang Halagang Dapat Gastusin ng Estado sa mga Partikular na Serbisyo. Ang Proposisyon 47 ay lumikha ng isang proseso kung saan ang tinatayang matitipid ng estado mula sa pagbawas ng parusa ay dapat gastusin sa kalusugan ng isip at paggamot sa droga, pagpigil sa pagliban at pag-dropout sa paaralan, at mga serbisyo para sa mga biktima. Ang mga tinantiyang ipon na ito ay umabot ng \$95 milyon nitong nakaraang taon. Sa pamamagitan ng pag-aalis ng ilang bahagi ng Proposisyon 47, binabawasan ng Proposisyon 36 ang matitipid ng estado mula sa Proposisyon 47. Ito ay

magbabawas sa halagang dapat gastusin ng estado sa kalusugan ng isip at paggamot sa droga, pagpigil sa pagliban at pag-dropout sa paaralan, at mga serbisyo para sa mga biktima. Ang pagbabawas na ito ay malamang na nasa mababang sampu-sampung milyong dolyar taun-taon.

Iba pang mga Epekto sa Pananalapi.

Ang Proposisyon 36 ay maaaring magkaroon ng iba pang epekto sa pananalapi ng estado at mga lokal na pamahalaan. Halimbawa, kung ang mga pinataas na parusa o mandatong paggamot ay magpapababa ng krimen, ang ilang gastusin ng estado at lokal na hustisyang pangkrimen ay maaaring maiwasan. Gayunpaman, hindi tiyak kung mangyayari ang mga ito o iba pang epekto.

Bisitahin ang sos.ca.gov/campaign-lobbying/cal-access-resources/measure-contributions/2024-ballot-measure-contribution-totals para sa listahan ng mga komite na pangunahing binuo para suportahan o kontrahin ang panukalang ito.

Bisitahin ang fppc.ca.gov/transparency/top-contributors.html para ma-access ang nangungunang 10 tagapag-ambag sa komite.